8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 4: Linggo 2**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Arlene Joy T. Jacob

**Tagasuri:**

- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN,IKAAPAT NA KUWARTER, IKALAWANG LINGGO, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga adhikain at kontribusyon upang matugunan ang mga isyung kinakaharap ng daigdig |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu at usapin sa sariling komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nasusuri ang mga isyung panlipunan na kinakaharap ng daigdig.<br>1.Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga sakit na SARS at Bird Flu;<br>2. Natutukoy ang dahilan ng paglaganap ng mga sakit na SARS at Bird Flu;<br>3. Naiisa-isa ang paraan ng pagtugon ng *World Health Organization at Department of Health* sa mga sakit na SARS at Bird Flu. |
| **C. Nilalaman** | B. Mga Isyung Panlipunan: Isyung Pangkalusugan (SARS, Bird Flu) |
| **D. Integrasyon** | Panahon, Pagpapatuloy at pagbabago |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Current U.S. Bird Flu Situation in Humans. (2024, April 5). Centers for Disease Control and Prevention. https://www.cdc.gov/flu/avianflu/inhumans.htm<br>World Health Organization: WHO. (2019, November 1). Severe Acute respiratory Syndrome (SARS). https://www.who.int/health-topics/severe-acute-respiratory-syndrome#tab=tab_1 |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1.Maikling Balik-aral**<br>**UNANG ARAW**<br>**FLASH CARDS:** Gamit ang mga flashcards ibibigay ng mga mag-aaral ang mga napag-aralang konsepto.<br>51 na bansa / New York City / Oktubre 24, 1945 / UNSGD / BARMM | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ang paksang tatalakayain ay tungkol sa dalawang mahahalagang isyu sa kalusuga, ang Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS) at ang *Avian flu* o mas kilala bilang *Bird flu.* Sa ating pag-aaral titingan natin ang mga sanhi, sintomas,paraan ng pagkalat at ang mga pamamaraan na maaaring gawin upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit na ito.<br>Panoorin ang mga video na nasa link at sagutin ang mga pamprosesong tanong matapos mapanood ang mga video.<br>Pamprosesong Tanong:<br>1.Anong bansa unang nakita ang SARS?<br>2. Magbigay ng mga sintomas ng SARS.<br>3.Paano maiiwasan ang SARS<br>4.Nahahawa ba ang mga tao ng *bird flu*?<br>5. Ano ang mga posibleng sintomas ng *bird flu* sa tao?<br>6.Paano makakaiwas ang mga tao sa *bird flu?*<br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**PICTURE ANALYSIS:** *(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)* | Ang mga video ay halimbawa lamang ng maaaring ipapanood sa mga mag-aaral, maaaring maghanap pa ng ilang mga video ang guro.<br>Video link:<br>*Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS): Symptoms, Complications & Prevention \| Diseases Decoded (youtube.com)*<br>*Bird Flu in Humans: Transmission, Symptoms and Treatment of Avian Influenza (H5N1) (youtube.com)*<br>MGA SAGOT<br>1. Face mask<br>2.Personal protective Equipment (PPE)<br>3. Clinical thermometer |

| | | |
|---|---|---|
| C. **Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa : Severe Acute Respiratory Syndrome at Bird Flu**<br><br>**SEVERE ACCUTE RESPIRATORY SYNDROME (SARS)**<br><br>Ang *Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS)* ay isang *viral* na sakit sa *respiratory system* na sanhi ng isang *SARS-associated coronavirus*. Ito ay unang natukoy noong katapusan ng Pebrero 2003 sa panahon ng isang paglabas na nangyari sa Tsina at kumalat sa 4 pang mga bansa. Sinamahan ng WHO ang pandaigdigang imbestigasyon sa tulong ng *Global Outbreak Alert and Response Network (GOARN)* at malapit na nakipagtulungan sa mga awtoridad sa kalusugan ng mga apektadong bansa upang magbigay ng *epidemiological, clinical at logistical* na suporta at mapigilan ang pagkalat.<br><br>*Paano kumakalat ang SARS?*<br>Ang SARS ay isang *airborne virus* at maaaring kumalat sa pamamagitan ng mga maliit na patak ng laway sa paraang katulad ng sipon at influenza. Ito ang unang malubhang at madaling kumalat na bagong sakit na lumitaw sa ika-21 siglo at ipinakita ang malinaw na kakayahan na kumalat sa mga ruta ng internasyonal na paglalakbay sa eroplano.<br>Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng mga bagay na naaangkin ng isang taong mayroong impeksyon ng virus.<br>Karamihan sa mga pasyente na natukoy na may SARS ay mga dating malusog na katawan na may edad na 25-70 taon. Ilan sa mga pinaniniwalaang mga kaso ng SARS ay iniulat din sa mga bata na may edad na mas mababa sa 15 taon. Ang rate ng pagkamatay sa mga taong may sakit na tumutugma sa kasalukuyang WHO case definition para sa mga probable at suspected na kaso ng SARS ay nasa 3%.<br><br>**BIRD FLU**<br>Ang mga virus ng *Avian Influenza Type A (bird flu viruses)* ay karaniwang hindi nakakahawa sa tao, ngunit may mga bihirang kaso ng impeksyon sa tao na nangyayari sa ilang bird flu viruses. Ang mga sakit sa mga tao mula sa mga impeksyon ng *bird flu virus* ay maaaring magkakaiba mula sa walang mga sintomas o *mild* na sakit (halimbawa, impeksyon sa mata, mga sintomas sa itaas na bahagi ng *respiratory system*) hanggang sa malubhang sakit (halimbawa, pneumonia) na nagresulta sa kamatayan. Ang mga impeksyon ng tao sa bird flu viruses ay | |

| | | |
|---|---|---|
| | kadalasang nangyayari pagkatapos ng malapit o mahabang walang proteksyong pakikipag-ugnayan (ibig sabihin, walang suot na guwantes o respiratory protection o eye protection) sa mga naapektuhan ng mga ibon o mga lugar na kung saan nakadikit ang mga nagkakasakit na mga ibon o ang kanilang laway, mucous, at dumi. Napakabihira, ang mga impeksyon ng tao sa bird flu viruses ay nangyayari sa pamamagitan ng isang intermediaryong hayop, kabilang ang isang pusa at baka.<br><br>Ang mga impeksyon ng tao sa bird flu viruses ay maaaring mangyari kapag ang virus ay nakapasok sa mata, ilong, o bibig ng isang tao, o kapag ito ay nilanghap. Maaari itong mangyari kapag ang virus ay nasa hangin (sa mga patak o marahil ay alikabok) at nilanghap ng isang tao, o marahil kapag hinawakan ng isang tao ang isang bagay na may virus at pagkatapos ay hinawakan ang kanilang bibig, mata, o ilong. Ang pagkalat ng bird flu viruses mula sa isang taong may impeksyon patungo sa isang malapit na kontakto ay napakabihira, at kapag ito ay nangyari, hindi ito nagdulot ng patuloy na pagkalat sa mga tao.<br><br>1. **Pagproseso ng Pag-unawa:**<br>**COMPARE AND CONTRAST:** *(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)*<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>2. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**BROCHURE MAKING:** Gumawa ng isang brochure na nagpapakita ng mga pamamaraan ng pag-iwas sa sakit na *SARS at Bird Flu.* Ang mga brochure ay ipapamahagi sa kalapit na barangay ng paaralan o sa komunidad ng mga mag-aaral.<br>3. **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**I-GRAPH MO:** *(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)* | Ang Brochure making na ito ay maaaring naibigay na ang mga pamantayan. Naibigay na itong takda sa mga mag-aaral para dala ng mga mag-aaral ang mga materyales na kanilang gagamitin sa paggawa ng brochure. |
| **D. Paglalahat** | **IKATLONG ARAW**<br><br>1. **Pabaong Pagkatuto:**<br>**VIDEO:** Sa ginawang *brochure*, gawin o ipakita ito sa pamamagitan ng *1 minute video.* Ito ay ipapasa sa link na ibibigay ng guro.<br><br>**IKAAPAT NA ARAW** | Hatiin lamang ang klase sapagkat sa susunod na aralin ang iba naman ang magsasatao. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto:**<br>**PAGSASATAO:** Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataong maging DOH Secretary, ano ano ang iyong magiging hakbang para maiwasan ang pagkalat ng mga sakit na SARS, STI, Bird Flu at COVID-19 sa bansa. Maaari itong isulat sa *short bond paper.* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit:** *(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)*<br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Magbasa tungkol sa sakit na STDat COVID-19.<br>Sanggunian: Emergencies (who.int) | | | MGA SAGOT<br>1.S<br>2.S<br>3.P<br>4.S<br>5.P<br>6. S<br>7. P<br>8.P<br>9.P<br>10.P |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | *Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga* |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |